


# SOL





A complete range of giftware featuring the paintings in SOL is available at www.canvasdownstream.com.

We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS, No. 1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman, Quezon City, Philippines 1119.

---

First published in hardcover by UST Publishing House, 2007
First paperback edition, 2007
Online version, 2009
Printed in the Republic of the Philippines

Book and Layout Design by Daniel Palma Tayona
Cover Illustration (Sol) by Farley del Rosario
All illustrations originally rendered in oil on canvas
Photography by Mike Cheung / Northlight Studio







written by
AGAY LLANERA

illustrated by
FARLEY DEL ROSARIO

Filipino translation by
SUSAN DE GUZMAN

edited by
JOSELITO ZULUETA





Noon, sumisikat ang Araw hindi lamang ng may banayad na liwanag, kundi pati na rin ng may kabigha-bighaning ganda. Maamo ang kanyang mukha at ang mga mata niya'y may bahid ng bahaghari, habang ang kanyang ngiti nama'y nakapapawi ng lamig. Sa tuwing ilaladlad niya ang mahaba at kulay-mais niyang buhok, nababalot ang mundo ng isang mainit at manilaw na yakap.

Hindi lihim sa buong kalangitan kung gaano kamahal ng Buwan ang Araw. Ganoon din ang damdamin ng libu-libong bituin para sa Araw, at kapag sila'y di pinansin nito, ang ilan sa kanila'y bumubulusok patungong daigdig at kusang pumapanaw. Inalay ng Saturno ang kanyang mga singsing, ngunit ito'y tinanggihan ng Araw. Mula noon, ang kawawang planeta'y palutang-lutang na lamang sa kawalan at nagsusulat ng mga tula ng pag-ibig.

Maging ang mga nilalang sa mundo ay nahuhumaling din sa Araw. Ngunit sadya itong hindi maabot kung kaya't sila'y nawalan na rin ng pag-asa - lahat maliban sa isa.



Habang tumatagal, lalong umiigting ang pag-ibig ni Amorsolo sa Araw.

Mula noong siya ay bata pa, naaakit na si Amorsolo sa Araw. Tuwing bukang-liwayway, pinagmamasdan niyang sumikat ang Araw habang pinupuno ng mga hikab nitong kulay rosas at kahel ang pilak at bughaw na langit. Matapos nitong suklayin ang ginituang buhok, hudyat na ng isang panibagong araw. Dali-daling lumalabas si Amorsolo upang tingnan ang pagliwanag ng Araw sa mga bukid.

Papasok lamang siya ng tahanan upang kumain at mag-aral.



Ang pinagsisikapang pag-aralan ni Amor-solo ay ang pagtugtog ng biyolin ng kanyang ina. Kinupas na ng panahon ang kulay nito, ngunit ang tunog ng bawat kuwerdas ay nananatiling dalisay.

Nang isinilang si Amorsolo, tiningnan ng kanyang ina ang mga daliri niya at nabatid nito kaagad na magiging isang biyolinista rin ang anak tulad niya. Dahil dito, araw-araw niyang matiyagang tinuturuan ang masikap ding matuto na anak. Matapos ang bawat leksiyon, makikita pa rin si Amorsolo na tumutugtog ng biyolin sa bukid habang nakatingala siya sa Araw.

Noong una, natutuwa ang mga taum-bayan sa kakaibang paghanga ng bata sa Araw. Inakala nilang ito'y lilipas din. Ngunit sa pagdaan ng mga taon at habang lumalaki si Amorsolo ay lalo lamang tumindi ang dam-damin nito. Aksaya lamang ito ng panahon para sa ilan ngunit para kay Amorsolo, ito ay tunay na pag-ibig.







Araw-araw, binabaybay ni Amorsolo ang gubat sa gilid ng bayan hanggang marating niya ang ilog, kung saan hinahangaan ng Araw ang sariling anyo sa harap ng malinaw na tubig.

Pagsapit ng dapithapon, kapag ang Araw ay handa nang umidlip, inilabas ni Amorsolo ang kanyang biyolin upang tumugtog na tila gamit ang sariling kuwerdas mula sa kanyang puso. Kadalasan, napapatid at bumabaluktot ang ilang kuwerdas ng biyolin dahil sa kanyang masidhing pagtugtog. Walang pag-aalinlangang binunot ni Amorsolo ang ilang hibla ng kanyang mahabang buhok at iniunat nito sa kaniyang panghilis. Matapos nito ay tutugtog siyang muli, na para bang hinihimok niyang lumabas ang matatamis na himig mula rito.

Ganito ang gawain ni Amorsolo sa bawat araw. Sa bawat pagbunot at pagtugtog gamit ang sariling buhok, tila ba pinamamalas niya sa Araw ang kanyang pagpapakasakit. Ngunit sa katotohanan, walang nakakakita nito.

Walang nakakakita maliban lamang sa Haring Kahoy. Ang gubat na nakapalibot sa ilog ay naroon na mula pa noong unang panahon, ngunit walang ibang nakapagtagos sa puso nito na gaya ng musika ni Amorsolo.

Dinala ng Haring Kahoy ang himig gamit ang kanyang mga sanga at ito'y ikinalat niya sa buong kagubatan. Sa palagay niya, nakapanghihinayang sapagkat hindi ito naririnig ng Araw. Tulad ng dati, abala pa rin ang Araw sa pananalamin sa ilog at paghanga lamang sa sarili. Pinili na lang ng Haring Kahoy na huwag nang makialam pa.



Subalit isang araw, nagpalit ito ng isip.

Sa gitna ng kanyang pagtugtog, huminto nang panandalian si Amorsolo at tumingin sa Araw. Lagi niyang pinapangarap na makita siya ng Araw. Ngunit ngayon, tanggap na niyang niloloko lamang niya ang kanyang sarili. Dahil sa poot, inihagis ni Amorsolo ang biyolin at tumama ito sa isang malaking bato. Nagulat siya nang makita ang isang bitak sa likod ng kaniyang biyolin. Dahil dito'y humagulgol siya dala ng labis na pagsisisi.







Matutulungan kita.

Nabigla si Amorsolo.

"Sino 'yan?"

Matagal na akong narito, bago ka pa man isilang at maging matapos kang pumanaw.

Natulala na lamang si Amorsolo nang makita sa kaniyang harapan ang isang matandang may balbas. Napapalibutan ng mga dahon ang bisig nito habang ang ulo nama'y puno ng maliliit na sanga. Sa dib-dib nito'y walang katapusan ang bilang ng mga singsing na nakapaloob sa marami pang malalaking singsing.

Ako ang Haring Kahoy, nakangiting sabi nito. Narinig ko na ang iyong himig at natutuwa ako sa instrumentong iyong tinutugtog.



“P-paumanhin po,” nanginginig na tugon ni Amorsolo habang pinupulot ang sira-sirang biyolin at ibinigay ito sa Haring Kahoy. “Hindi ko sinasadyang itapon ito.”

Dagling hinawakan ng Haring Kahoy ang nasirang instrumento. Maya-maya’y ibinalik ito kay Amorsolo at sinabing, Buo na itong muli.


Sa pagtataka, hinawakan ni Amorsolo ang bahaging dating nabitak. Nawala na ang biyak. Nanumbalik ang dating kamagong na kulay nito at naging kasintibay ito gaya noong una itong ginawa.

Kaya kong mangumpuni ng mga bagay na may halintulad sa aking kaanyuan, paliwanag ng Haring Kahoy. Bumalik ka sa ilog na ito bukas at tutulungan kita.

“Hindi ko maunawaan,” bulong ni Amorsolo.

Maniwala ka sa Haring Kahoy. Maaaring matanda na ako ngunit may taglay pa rin akong kapangyarihan.

Matapos nito ay bigla na lamang siyang naglaho. Pagtingin ni Amorsolo sa paligid ay nababalutan na ito ng kadiliman. Gabi na pala. Dali-dali siyang tumakbo pauwi.







Kinabukasan, tumungo si Armosolo sa ilog na suot ang kaniyang pinakamagarang damit. Noong nakaraang gabi, pinagmasdan niya ang sarili sa salamin at napagtantong katawa-tawa ang kaniyang hitsura dahil bagama't mahaba ang kaniyang buhok, may mangilan-ngilang kalbong bahagi ang kaniyang ulo sanhi ng pagbubunot ng sariling buhok. Kaya't nang umaga'y napagpasiyahan niyang ahitin na lamang ang buong ulo.

Sa tabi ng ilog, pabalik-balik siyang naglakad tangan ang kaniyang biyolin at arko.

Nang kalauna'y nagpakita rin ang Haring Kahoy.

Mayroon pa akong isang handog sa iyo.



Narinig ni Amorsolo ang pag-ingit ng kahoy. Maya-maya'y nakita niya ang isang kabayong lumabas mula sa halamanan at tumatakbong patungo sa kaniya. Kumikinang ang kayumangging kiling nito sa liwanag ng Araw, subalit sa palagay ni Amorsolo ay may kakaiba sa ikinikilos nito. Nang ito'y lumapit pa sa kaniya, napagtanto ni Amorsolo na isa lamang pala itong kabayong tumba-tumba. Noong una ay nagulat siya at pagkatapos ay namangha. Ngunit sa bandang huli, siya'y nagalit.

Laruan lang pala ang ibibigay mo sa akin!

Umiling ang Haring Kahoy at bumuntong-hininga.

'Di ba't sinabi ko sa iyo na ako'y nakagagawa lamang ng mga bagay na hango sa aking katauhan? Binigyan kita ng tumba-tumba dahil hindi ako nakabubuo ng tunay na kabayo. Nakasaalang-alang sa iyo na buhayin at gawin itong totoo.

Nanlaki ang mga mata ni Amorsolo.

Paano?

Itinuro ng Haring Kahoy ang biyolin.

Sa paggawa ng sarili mong mahika.





Tiningnan ni Amorsolo ang kanyang biyolin at arko. Umihip ang hangin at umusad papalapit sa kanya ang kaba-yong tumba-tumba. Nang titigan ni Amorsolo ang mga mata nito, mayroon siyang naalala mula sa kanyang kabataan.

Nagkaroon siya ng laruang tumba-tumba noong siya ay paslit pa, noong nagsisimula pa lamang siyang mag-aral ng biyolin. Noon ay nakagawian niyang tumug-tog ng biyolin habang nakasakay sa kabayo. Nang mga panahong iyon ay iniisip niyang siya ay nakararating sa isang malayong lugar kung saan ang lahat ng pangarap ay nagkakatotoo.

Sumakay si Amorsolo sa likod ng kabayong tumba-tumba nang walang pag-aalinlangan. Mistulang nakaduyan ang biyolin sa kaliwang bisig, iniangat niya ang arko at nagsimulang tumugtog.

Itinugtog ni Amorsolo ang lahat ng kaniyang nararamdaman. Taos-puso niyang sinaliwan ang mga pangarap na kaniyang hiniling sa mga pumanaw na bituin. Lumutang siya sa pagitan ng panaginip at katotohanan. Napunta siya sa isang palasyong may kurtinang gawa sa pulang pelus at may alpombrang kulay luntian. Lumilipad siya sa alapaap. Hinaharana niya ang Araw na ngayon ay nakikinig.

Ngunit bigla na lamang naputol ang isang kuwerdas ng biyolin. Dapat sana'y papalitan ito ni Amorsolo ng kaniyang mahabang buhok gaya ng nakagawian. Ngunit bago pa man maalalang siya ay kalbo na, nagulat siya nang mapansing siya pala'y lumulutang na sa mga ulap.



"Ahh!"

Muntik nang mahulog si Amorsolo mula sa kanyang kabayo. Nang tingnan niya ang ilog sa ibaba, mistulan itong isang maliit na lubak na napuno ng tubig-ulan. Humalinghing ang kabayo; iginalaw nito ang buntot at marahang tinapik ang likod ni Amorsolo.





"Huwag kang huminto."

Noon lamang nakita ni Amorsolo na siya pala'y nasa harap na ng kanyang sinisintang Araw - ang dahilan ng kanyang walang-sawang paglikha ng musika.

"Ipagpatuloy mo."

Hindi siya makagalaw. Nalunod siya sa paikot-ikot na mga kulay ng mata ng Araw. Doon ay nakita ni Amorsolo ang napatangang anyo ng sarili. Pinilit niyang magsalita.

"I-ipagpaumanhin n'yo. Napatid ang aking kuwerdas at wala na akong buhok upang palitan…aaw!"

Hinampas siya ng kabayo ng buntot nito.

"…ang putol na kuwerdas…aaw!"




Ngayon ay talagang pinalo na nang mariin si Amorsolo ng buntot ng kabayo. Mabilis niyang hinawakan ang buntot at nang ito'y maisaayos sa dati nitong puwesto, nakita niyang may mga naiwang hibla sa kanyang kamay. May bigla siyang naisip.

"Sandali lamang."

Agad niyang itinali ang buhok ng kabayo sa kanyang arko. 'Di nagtagal ay tumugtog siyang muli.

Nang matapos si Amorsolo, napatitig ang Araw sa kanya. Bakas sa mukha nito ang labis na paghanga.





Nakabibighani! Ano ang tawag mo roon?

"Isang awit," sagot ni Amorsolo. "Nilikha ko ito para sa iyo."

Para sa akin? Nagtatakang tanong ng Araw. Wala pang lumilikha ng awit para sa akin. Ngumiti ito. At ang isang awit ay nabubuo ng mga iba-ibang tunog,hindi ba?

"Ah, ang ibig mong sabihin ay ang mga notang tulad nito."

At ipinarinig ni Amorsolo ang isang notang maigting ang tunog.

Napakaganda.

"Ngunit hindi kasingganda mo."

Napahalikhik ang Araw sa tuwa.

“Ang bawat nota ay may sariling pangalan,” paliwanag ni Amorsolo. Nahihiya siya ngunit nagulat sa kanyang kapangahasan.

Ano ang pangalan ng tunog na iyon?

“Sol.”

Dahil higit na maganda pa ako sa tunog na iyon, dapat lamang ay ako ang magtaglay ng kanyang pangalan, pagbibiro ng Araw.

Namula si Amorsolo.

Mula nang araw na iyon, lagi nang sinasakyan ni Amorsolo ang kabayo at hinaharana ang Araw, na siya naming madaling nahumaling sa kaniyang mga himig.





Napaismid ang Buwan sa lahat ng kaniyang nasaksihan. Nag-isip ito ng paraan upang mabawi ang minamahal. Alam niyang kailangang kumilos kaagad.

Nang araw ding iyon, habang naghahandang magpahinga ang Araw ay sumikat naman ang Buwan.

Nabihag na pala ng binatang iyon ang puso mo.

Napabuntong-hininga ang Araw. Mayroon siyang taglay na kakaibang halina. Inalayan niya ako ng kanyang mga awit. Iba siya sa ating mga nilalang sa kalangitan.

Ngunit mahal ko, tao lamang siya, Hinawakan ng Buwan ang kamay ng Araw. Kay tagal na kitang minahal, mula pa noong unang nilikha ang langit.

Sumimangot ang Araw at inalis ang kamay sa pagkakahawak ng Buwan. Wala ka namang bagong maiaalay sa akin.

Diyan ka nagkakamali. Mayroon akong maaaring ibigay sa iyo.

Inilabas ng Buwan ang isang koronang ginto na ubod ng kinang, kung kaya't kinailangan pang takpan ng Araw ang kanyang mga mata.




Nilikha ko ito mula sa sarili kong sinag, mula sa ningning na galing pa sa aking kaloob-looban. Ito ang aking liwanag at nais ko itong ibahagi sa iyo.

Manghang-mangha sa nakasisilaw nitong liwanag, kinuha ng Araw ang korona.

Kapag tinanggap mo ito, pagsasaluhan natin ang iisang ilaw at habambuhay tayong magiging magkatuwang.

Alam ng Araw kung ano ang ibig sabihin nito. Daglian niyang narinig ang musika ni Amorsolo at nakaramdam siya saglit ng kirot sa puso. Ngunit nang makita niya sa tubig ang sariling anyo na nakasuot ng makinang na korona, alam na niya kung ano ang kaniyang nais.





Kinabukasan, tumungo muli si Amorsolo sa kalangitan. Ngunit bago pa man niya marating ang mga ulap ay nakaramdam na siya ng matinding init. Hindi siya makahinga. Sa kanyang pagkabalisa, tumugtog siya ng isang nota.

Amorsolo?

"Sol! Ipakita mo ang iyong mukha upang mabawasan ang matinding init na ito."

Narito ako, nababalot sa liwanag ng Buwan. Hindi ba't higit pa akong gumanda?

Tinakpan ni Amorsolo ang kanyang mga mata.

"Nasaan ka? Ano'ng nangyari sa iyo?"

Lalo pang lumapit ang Araw, na lubus-lubusan sa pagkinang. Ang dati nitong banayad na init ay sadya nang maapoy at nakamamatay ngayon.

Nakipag-isang dibdib na ako sa Buwan. Pinagsasaluhan namin ang iisang liwanag. Ngayo'y wala nang tatalo pa sa aking ningning at kinang!



Kumulot at nagsiputol ang mga kuwerdas ng biyolin ni Amorsolo dahil sa labis na init. Ramdam niya sa kaniyang balat ang init ng apoy. Ang kaniyang kabayo'y nagsimulang umiyak sa sakit na nararamdaman. Bago pa man niya mapansin, nahulog na sila mula sa langit.

Isang mayabong na puno ang sumalo kay Amorsolo mula sa pagkakahulog nito. Nakita niya sa gawing ibaba ang kani-yang kawawang kabayo. Nanumbalik ito sa pagiging kahoy na ngayo'y nakasambulat, pira-piraso at naging abo. Maging ang biyolin ni Amorsolo ay natupok. Gusto niya sanang umiyak ngunit maging ang luha niya'y tinuyo na ng Araw bago pa man ito pumatak.







Ngayon, ubod na ng tindi ang sikat ng Araw. Hindi na maaaring tingnan ang pambihirang kagandahan nito dahil sa nakabubulag niyang kinang. Ang init niya'y nakapapaso at nakasusunog. Ngunit patuloy siyang sumisikat araw-araw. Sa kaniyang paniniwala, siya ang pinakamagandang nilalang sa langit.

Hinahanap-hanap pa rin niya ang mga awit ni Amorsolo, kahit ito'y lumisan na at bumalik sa lupa. Ang sabi nila'y may isang malaking punong tumubo kung saan humimlay si Amorsolo. Ang matipunong pangangatawan ng puno'y may matingkad na kulay ng kamagong. Kapag umiihip ang hangin sa mga sanga nito, isang tunog ang maririnig at bumabalot sa buong kagubatan. Ngunit hindi na ito umaabot pa sa kalangitan.





## ABOUT THE WRITER

Agay C. Llanera has always loved everything kiddie. That is why she has worked in children's TV shows "5 and Up" and "Art-is-kool." Currently, she is a segment producer and a freelance writer.

Agay is a member of KUTING (Kuwentista ng mga Tskiting), an organization of writers for children.

## ABOUT THE ARTIST

The son of a painter, Farley del Rosario's colorful naïf renditions have graced the annual Fookien Times publication, the Philippines Yearbook 2006. There, his works complement the essays of known writers, among them, National Artist F. Sionil Jose.

He is proving to be a fast rising favorite of collectors and his recent highly lauded exhibitions in various galleries in Metro Manila, Philippines, have been commercial hits.

Farley del Rosario was born on May 14, 1980 and currently resides in Zambales.

